8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin
4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 4**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**


Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | A.Nasusuri ang imperyalismong Europeo at Japan sa Asya at Africa.<br>1. Naipapaliwanag ang dahilan ng pananakop ng mga Kanluraning bansa sa America, India at East Indies.<br>2.Natatalakay ang mga epekto ng imperyalismo sa America, India at East Indies..<br>3.Nasusuri ang aksyon at reaksyon na isinagawa ng mga bansang nasakop sa panahon ng Imperyalismo upang mapangalagaan ang kapayapaan. |
| **C. Nilalaman** | Panahon ng Imperyalismo<br>1. Dahilan at Motibo ng Imperyalismo<br>2. Pag-usbong ng mga Imperyeryalistang Bansa at Estado |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *Imperialism \| Definition, History, Examples, & Facts*. (2024, March 28). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/imperialism<br>*Indonesia \| History, Flag, Map, Capital, Language, Religion, & Facts*. (2024, April 30). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/place/Indonesia/Growth-and-impact-of-the-Dutch-East-India-Company<br>*American colonies \| Facts, History, and Definition*. (2024, March 5). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/American-colonies<br>*East Indies \| Trade Routes, Spice Islands, Colonialism*. (1998, July 20). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/place/East-Indies |

*East India Company | Definition, History, & Facts*. (2024, April 16). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/East-India-Company
Mga Larawan
https://www.printablee.com/post_comic-book-templates-printable-free_40139/
https://wallpapers.com/picture/world-map-pictures-aabaetr8eh1w46d1.html


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**Maikling Balik-aral**<br>**Crossword Puzzle.** Isulat lamang ang tamang sagot sa loob ng box gamitin na gabay ang deskripsyon na nasa ibaba.<br><br><br>**Pababa**<br>**1.**Siya ang manlalayag na nagmula sa Morocco na naglakbay sa loob ng tatlumpung taon.<br>**2.** Siya ang Emperador ng Ming Dynasty sa panahon ng paglalakbay ni Zheng He<br>5. Bansang pinagmulan ni Zheng He<br>**Pahalang**<br>**2.**Siya ang pinuno Imperyong Mughal ng India sa panahon ng pagpasok ng mga Kanluranin noong 1600<br>**3.**Siya ang Chinese-Muslim na kilalang manlalakbay sa panahon ng Ming Dynasty.<br>**4.**Siya ang pinuno ng Japan na nagpatupad ng 'isolation policy" upang makaiwas ang Japan sa impluwesya ng mga Kanluranin. | Sagot<br>Pahalang<br>2.Akbar<br>3.Ieyasu<br>4.Ieyasu<br><br>Pababa<br>1.Battuta<br>3.Zhudi<br>5.Tsina |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (SURI LARAWAN)**<br>Susuriin ng mga mag-aaral ang larawan gamit ang mga inihandang pamprosesong tanong: | Inaasahan na magkaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa sa larawan. Magkaroon ng |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Gabay na tanong**<br>1.Ano ang iyong napapansin sa larawan?<br>2. Bakit kaya nila pinaghahatian ang mga bansa?<br>3. Ano ang magiging reaksyon mo sa larawang ito?<br><br>**Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**WORDSCAPES.Buuin ang mga salitang pinaghalo-halo upang makabuo ng salita.Ibigay ang kahulugan ng mga salitang mabubuo.**<br><br>1.ATOANMD<br>2.LISIMERIMP<br>3.HANKA RIGNAPAY NHA<br>4.GALOTSI<br>5.NGADHHA AGPA | talakayan gamit ang mga katanungan na binigay sa mga mag-aaral.<br><br>Sagot:<br>1. Mandato<br>2. Imperyalismo<br>3. Kapangyarihan<br>4. Sigalot<br>5. Paghahangad |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa #1 (DAHILAN AT MOTIBO NG IMPERYALISMO)**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa (MALAYANG TALAKAYAN)**<br>Magkakaroon ng malayang talakayan ang guro tungkol sa mga motibo sa paglawak ng kapangyarihang imperyal ng Europa sa Asya noong ika-19 na siglo.<br>Mga Pangunahing motibo sa paglawak ng mga kapangyarihang imperyal ng Europa sa Asya noong ika 19 na siglo<br>Ang mga pangunahing motibo sa likod ng paglawak ng mga kapangyarihang imperyal ng Europa sa Asya noong ika 19 na siglo ay: | Gamitin ang mga sumusunod na babasahin para mapalalim at mapalawak ang talakayan.<br><br>American colonies sa [https://www.britannica.com/topic/American-colonies](https://www.britannica.com/topic/American-colonies)<br>East Indies |

| | | |
|---|---|---|
| | *1. Mga Motibo sa Ekonomiya: Hinangad ng mga kapangyarihang Europeo na magkaroon ng access sa mahahalagang yaman at bagong pamilihan sa Asya. Interesado silang kumuha ng mga hilaw na materyales tulad ng pampalasa, tsaa, sutla, at opium, pati na rin ang pagtatatag ng mga kolonya para sa mga layuning pangkalakalan.*<br>*2.Pampulitika at Estratehikong Motibo: Ang mga kapangyarihang Europeo ay naglalayong magtatag ng pampulitikang dominasyon at kontrol sa mga teritoryo ng Asya upang mapalawak ang kanilang sariling impluwensya sa pulitika. Nais nilang masiguro na magpaytuloy ang mga estratehikong base militar at kontrolin ang mahahalagang ruta ng kalakalan.*<br>*3.Ideolohikal na Motibo: Ang konsepto ng "White Man's Burden" at ang paniniwala sa kataas-taasang lahi ang naghikayat sa mga Europeo na ipalaganap ang kanilang sibilisasyon at kultura upang "sibilisahin" at "gawing makabago" ang mga lipunang Asyano na kanilang nakatagpo. Ang imperyalistang pag iisip na ito ay pinalakas ng isang pakiramdam ng higit na kahusayan sa kultura at ang pagnanais na magpataw ng mga halaga ng Kanluranin sa mga bansang hindi Europeo.*<br>*4. Mga Kalamangan sa Teknolohiya: Ang mga kapangyarihang Europeo ay may "advanced" na teknolohiyang militar at higit na kakayahang pandagat, na nagbigay sa kanila ng malaking kalamangan sa mga kapangyarihan ng Asya. Ang teknolohikal na superyoridad na ito ang nagbigay daan sa kanila upang sakupin at kontrolin ang malaking bahagi ng Asya.*<br>*5.Kompetisyon sa mga Kapangyarihang Europeo: Ang pagtatalo ng mga kolonya sa Asya ay nagtulak din ng matinding kompetisyon sa pagitan ng mga kapangyarihang Europeo. Ang mga bansang tulad ng Britanya, Pransya, at Alemanya ay nagsisikap na makamit ang pangingibabaw at hinahangad na higitan ang isa't isa sa pamamagitan ng pagkuha ng mas maraming kolonya at pagpapalawak ng kanilang impluwensya sa Asya.*<br>*Sanggunian:* https://www.britannica.com/topic/imperialism<br>Matapos ay gamitin ang mga pamprosesong katanungan para mapalalim ang talakayan dito:<br>1. Paano nakatulong ang mga motibo na ito sa pagpapalawak ng mga kapangyarihan ng mga Europeo at Amerikano noong ika-19 na siglo?<br>2. Ipaliwanag ang naging epekto ng "White Man's Burden" sa mga kaisipan ng mga bansang sinakop?<br>3. Ano ang mga naging epektong politikal, ekonomikal at kultural ng mga bansang nasakop at sinakop? | https://www.britannica.com/place/East-Indies<br>India-<br>https://www.britannica.com/topic/East-India-Company<br><br>Gamitin ang mga pamprosesong katanungan para maproseso ang mga kaisipan sa aralin. Mahalaga maunawaan nila na ang tinutukoy dito ay ang pag-usbong ng ikalawang yugto ng imperyalismo kung saan ay may mga kaisipan na sila natutunan mula sa Age of Exploration. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Ikalawang Araw**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay (WHAT'S THE MOTIVE)**<br>Magpapakita ng bawat sitwasyon ang guro. Tutukuyin ng mga mag-aaral kung anong dahilan/motibo ng pananakop ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.<br>_______________1. Hinangad ng mga kapangyarihang Europeo na magkaroon ng access sa mahahalagang yaman at bagong pamilihan sa Asya.<br>_______________2. Ang mga kapangyarihang Europeo ay naglalayong magtatag ng pampulitikang dominasyon at kontrol sa mga teritoryo ng Asya upang mapalawak ang kanilang sariling impluwensya sa pulitika.<br>_______________3. Ang konsepto ng "White Man's Burden" at ang paniniwala sa kataas-taasang lahi ang naghikayat sa mga Europeo na ipalaganap ang kanilang sibilisasyon at kultura<br>________________4. Ang teknolohikal na superyoridad na ito ang nagbigay daan sa kanila upang sakupin at kontrolin ang malaking bahagi ng Asya.<br>________________5. makamit ang pangingibabaw at hinahangad na higitan ang isa't isa sa pamamagitan ng pagkuha ng mas maraming kolonya at pagpapalawak ng kanilang impluwensya sa Asya.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (BACK TO THE PAST)**<br>Ngayon na naunawaan na ng mga mag-aaral ang mga motibo ng mga kanluraning bansa sa pananakop at pagpapalawak ng imperyo, Iuugnay naman ito sa pamamagitan ng gawain na ito.<br>Panonoorin ng mga mag-aaral ang video na ito na may kinalaman sa naging talakayan noong nakaraang araw.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=alJaltUmrGo<br>Matapos ay gagawa ng isang sulat ang mga mag-aaral para sa mga mamamayan sa hinaharap dahil magsisilbi silang "time traveler" na naglakbay sa nakaraan sa pamamagitan ng panonood ng video. | Sagot:<br>1. Motibo ng Ekonomiya<br>2. Pampolitika at Estratehitikong Motibo<br>3. Ideolohikal na motibo<br>4. Mga Kaalamang Teknolohikal<br>5. Kompetisyon sa mga kapangyarihang Europeo<br><br>Inaasahan na magkakaiba ang magiging tugon ng mag-aaral batay sa napanood na video. Mahalagang iparanas sa kanila na para silang "time traveler".<br><br>Kung sakali walang kagamitan para mapanood ang video, maari panoorin ito ng guro at siya ang magpaliwanag sa nilalaman ng video na para siya ang tour guide ng nakaraan.<br><br>Iproseso ang mga naging tugon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga "follow-up questions". |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa #2 (PAG-USBONG NG MGA IMPERYALISTANG BANSA)**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa (SCAVENGERS HUNT)**<br>Hahatiin ang mga mag-aaral sa sampung pangkat.<br>Group 1: England<br>Group 2: France<br>Group 3: Netherlands<br>Group 4: Spain<br>Group 5: Portugal<br>Group 6: Germany<br>Group 7: Russia<br>Group 8: United States<br>Group 9: Italy<br>Group 10: Japan<br>Sila ay dadayo sa kanilang mga silid-aklatan (library para hanapin ang mga sumusunod na datos na kinakailangan)<br>1. Dahilan at Paraan ng Pananakop<br>2. Bansang Sinakop<br>3. Reaksyon ng mga sinakop na bansa<br>Matapos ay bibigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na ipresenta ang kanilang mga nakalap na datos. Iproproseso ng guro ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malayang talakayan.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay (FLAG I COLONIZED)**<br>Magpapakita ang guro ng mga watawat ng mga sumusunod na bansa. Tutukuyin ng mga mag-aaral kung anong bansa ang nanakop sa bansang pinakita sa klase at anong paraan ng pananakop ang kanilang ginamit | Kung sakali na hindi kumpleto ang mga nilalamang libro sa Silid Aklatan. Maari ipagawa ito bilang takdang-aralin sa Ikalwang Araw at ito ay iprepresenta nila sa Ikatlong Araw.<br><br>Iproseso ang mga nakalap na impormasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga "follow-up questions"<br><br>Sagot:<br>1. Great Britain/ England (Direct Rule/British Raj)<br>2. Spain, United States at Japan (Kolonya)<br>3. Great Britain, France, Germany, Japan (Sphere of Influence, Open Door Policy, Extraterritoriality) |

| | | |
|---|---|---|
| | 1.  2.  3. <br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (REACT MO NGA?)**<br>Magpapanood sa klase ng isang video tungkol sa kung ano ang naging reaksyon ng mga Asyano sa panahon ng pananakop<br><br>Sanggunian: [https://www.youtube.com/watch?v=nxmWfbXS4Pw&t=364s](https://www.youtube.com/watch?v=nxmWfbXS4Pw&t=364s)<br><br>Matapos ay gagawa sila ng "emoji" kung ano ang reaksyon nila dito batay sa kanilang napanood. Iproproseso ng guro ang sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malayang talakayan | Kung sakali walang kagamitan para mapanood ang video ay maari ito panoorin ng guro at siya ang magpaliwanag sa klase ng nilalaman ng video.<br><br>Inaasahan magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa lebel ng pagkaunawa nila sa napanood na video. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga follow-up questions |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**Pabaong Pagkatuto (COMIC STRIP)** Ang mga mag-aaral ay ilalagay sa comic strip ang mga ideya na nabuo mula sa paksang tinalakay sa aralin na ito.<br><br>**"Ang Pananakop ng mga Kanluranin sa America, India at East Indies ay nagbunga ng……"**<br><br>**[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Comic_book_page_1_tem..jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Comic_book_page_1_tem..jpg)**<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto (Timbangin Mo!)**<br>Ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang nagawang comic strip sa klase. Matapos ay sasagutin nila ang katanungan na *"Ano ang mga epekto ng ng Imperyalismo sa pamumuhay ng mga taong nanakop at sinakop?"* | Ito ay maaring gawin kapag natapos nang natalakay ang mga mahahalagang paksa sa Una at Ikalawang araw.<br><br>Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral |

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>
Pagsusulit (TABLEAU)<br><br>
Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng isang “tableau” ng mga naging pangyayari noong Panahon ng Imperyalismo. Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang tableau bago ito isagawa.<br><br>
Group 1: Opium Wars<br>
Group 2: British Raj<br>
Group 3: Polo y Servicios<br>
Group 4: Scrambling of Africa<br>
Group 5: White Mans Burden<br><br>
Matapos ay ipapakita nila ang kanilang nagawang tableau sa klase. Mamarkahan ng guro ang kanilang gawa batay sa mga sumusunod na pamantayan:<br><br>
<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Puntos</th></tr>
<tr><td>Nilalaman- Akma at wasto ang nilalaman ng kanilang tableau</td><td>15 Puntos</td></tr>
<tr><td>Interpretasyon- Malinaw at nauunawan ang nais nila ipahiwatig na mensahe sa tableau</td><td>15 Puntos</td></tr>
<tr><td>Pagkamalikhain- Naging maparaan sa pagpapahayag ng pangyayari sa tableau</td><td>10 Puntos</td></tr>
<tr><td>KABUUHAN</td><td>40 Puntos</td></tr>
</table>
</td><td>Maari magpakita ng halimbawa ng tableau para lubusan maintindihan ng klase.<br><br>Maari ibigay ito bilang isang takdang aralin sa ikatlong araw at iprepresenta ito sa Ikaapat na araw.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td></tr>
</table>